

Patnubay para sa Mga Negosyo sa California Tungkol sa Mga Hakbang sa Kaligtasan at Makatuwirang Akomodasyon ukol sa COVID-19



FAQ

Habang hinaharap ng mga taga-California ang pandemya ng COVID-19, nagbigay ang Departamento ng Patas na Trabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing, DFEH) ng patnubay para protektahan ang mga karapatang sibil at mapigilan ang panganib ng paglaganap ng COVID-19 sa [trabaho](#), [pabahay](#), [pangangalagang pangkalusugan](#), at, sa dokumentong ito, sa mga negosyong nagbibigay ng serbisyo sa publiko.

Ipinagbabawal ng isang batas na tinatawag na Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act) sa lahat ng uri ng negosyo na magdiskrimina batay sa kasarian (kabilang ang gender, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, at pagbubuntis), lahi, kulay ng balat, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kapansanan, medikal na kondisyon (tinutukoy bilang mga henetikong katangian o kapansanan sa kalusugang may kaugnayan o nauugnay sa diyagnosis ng kanser o rekord o kasaysayan ng kanser), henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, oryentasyong seksuwal, pagkamamamayan, pangunahing wika, katayuan sa imigrasyon, edad (na may kaugnayan lamang sa pagbebenta o pagpapaupa ng pabahay, maliban kung pinahintulutan para sa pabahay para sa nakatatanda at kabataan), o iba pang personal na katangian ng isang tao. Bilang halimbawa, ang isang negosyong tumatangging magbigay ng serbisyo o naniningil ng mas mataas na presyo sa isang kostumer batay sa lahi ng kostumer ay lumalabag sa Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil at mananagot para sa mga pinsala na hindi bababa sa \$4,000 sa bawat paglabag. Bukod sa iba pang layunin, nilalayan ng batas na ito na tiyaking malaya at magkakapantay ang lahat ng taga-California sa pamamagitan ng pag-aalis ng labag sa batas na diskriminasyon sa merkado.

Awtorisado ang DFEH na ipatupad ang Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil. Ang sinumang naniniwalang nilabag ang kanyang mga karapatan sa ilalim ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil ay maaaring maghain ng reklamo para imbestigahan ng DFEH, o maaari siyang maghain ng sarili niyang demanda nang hindi sinasangkot ang DFEH.

Dapat sumunod ang mga negosyo sa California sa Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil at iba pang nalalapat na batas sa mga karapatang sibil habang sumusunod din ang mga ito sa mga pinakabagong lokal, pang-estado, at pederal na kautusang nauugnay sa COVID-19. Ang mga sagot ng DFEH sa mga madalas itanong sa ibaba ay nakabatay sa Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil at hindi tumutugon sa mga karapatan o obligasyong ipinapataw ng anumang iba pang batas, tulad ng mga lokal o pang-estadong kautusan tungkol sa mga pantakip sa mukha o pagpapabakuna. Nauunawaan ng DFEH na naaayon ang mga sagot nito sa pederal na batas sa mga karapatang sibil – partikular sa Pamagat III ng Batas sa mga Amerikanong may Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act) at Pamagat II ng Batas sa Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Act) ng 1964 – pero hindi pa available sa panahon ng paglalathalang ito ang tumpak na pantubay mula sa mga pederal na awtoridad. Nakabatay ang patnubay na ito sa kasalukuyang impormasyon sa pampublikong kalusugan at maaari itong paminsan-minsang i-update. Ang patnubay na ito ay para sa mga pang-impormasyong layunin lamang at hindi gumagawa ng anumang karapatan o obligasyong hiwalay sa mga ipinapataw ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil.

MGA SINTOMAS NG COVID-19

1 | **Bago pahintulutan ng isang negosyo ang pagpasok sa gusali nito, maaari ba nitong tanungin sa mga kostumer kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19 at/o kunin ang temperatura ng mga kostumer para matukoy kung may lagnat ba sila? Maaari bang magbukod o tumangging magbigay ng serbisyo ang isang negosyo sa sinumang may mga sintomas ng COVID-19?**

Oo. Pinahihintulutan ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil ang mga negosyo na magkaroon ng mga tuntuning nagsisilbi sa mga lehitimong interes ng negosyo. Ang pagsusuri kung nakakaranas ang mga kostumer ng mga sintomas ng COVID-19, bilang kondisyon ng pagpasok sa gusali, ay pumoprotekta sa mga empleyado at kostumer mula sa impeksyon sa COVID-19, kabilang ang paglaganap ng virus mula sa kostumer patungo sa empleyado o mula sa kostumer patungo sa iba pang kostumer. Gayundin, maaaring tumangging magpapasok o magbigay ng serbisyo ang isang negosyo sa sinumang may mga sintomas ng COVID-19, tulad ng pag-ubo, lagnat, kawalan ng panlasa, o kawalan ng pang-amoy. Maaari ding tumangging magpapasok o magbigay ng serbisyo ang isang negosyo sa sinumang tumangging ipaalam kung may mga sintomas siya ng COVID-19 o ipakuha ang kanilang temperatura. Hindi iniaatas ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil na gawin ng isang negosyo ang anuman sa mga hakbang na ito, pero maaaring magpasiya ang isang negosyo – o iatas ng iba pang batas – na gawin ito bilang bahagi ng isang komprehensibong plano para protektahan ang mga tauhan at kostumer nito mula sa impeksyon sa COVID-19.

2 | **Maaari bang magtanong ang isang negosyo sa mga partikular na uri ng kostumer lamang kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19, kunin nito ang temperatura ng mga partikular na uri ng kostumer lamang, o tumanggi itong magbigay ng serbisyo sa mga partikular na uri ng kostumer lamang na may mga sintomas ng COVID-19?**

Hindi, kung isinagawa ito batay sa isang personal na katangiang proketado ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil. Bilang halimbawa, lumalabag sa Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil ang isang negosyong kinukuha lamang ang temperatura ng mga kostumer na sa tingin nila ay mga imigrante, o binubukod lamang ang mga kostumer na may matataas na temperatura na mukhang mula sa isang partikular na banyagang bansa.

PAGPAPABAKUNA AT MGA PAGSUSURI SA COVID-19

3 | **Bago pahintulutan ng isang negosyo ang pagpasok sa gusali nito, maaari ba nitong iatas sa mga kostumer na magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19? Maaari bang magbukod o tumangging magbigay ng serbisyo ang isang negosyo sa sinumang hindi makakapagpakita ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19?**

Oo. Tulad ng ipinaliwanag sa Mga Madalas Itanong 1, pinahihintulutan ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil na magpatupad ang mga negosyo ng mga tuntuning pinoprotektahan ang mga empleyado at kostumer mula sa impeksyon sa COVID-19. Sa gayon, maaaring magpasiya ang isang negosyo – o iatas ng iba pang batas – na iutos sa sinumang papasok sa gusali na magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna ng bakuna sa COVID-19 na inaprubahan o inawtorisahan ng FDA, iniaatas man o hindi ng negosyo sa mga kostumer na sumunod sa iba pang hakbang sa kaligtasan. Ayon sa [Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit \(Centers for Disease Control and Prevention\)](#), “tinutukoy ng kasalukuyang ebidensiya na kayang makilahok ng mga ganap nang nabakunahang taong walang kondisyong nakakapanghina ng immune system sa karamihan sa mga aktibidad kung saan may mababang panganib na makakuha o mailaganap ang SARS-CoV-2, nang may mga karagdagang hakbang sa pagpigil sa sakit (hal., pagsusuot ng mask) kung saan malaki o mataas ang posibilidad ng paglaganap ng virus.” Mangyaring suriin ang Mga Madalas Itanong 8 – 10 para sa mahahalagang impormasyon tungkol sa mga makatuwirang akomodasyon.

Patnubay para sa Mga Negosyo sa California Tungkol sa Mga Hakbang sa Kaligtasan at Makatuwirang Akomodasyon ukol sa COVID-19

- 4 | Bago pahintulutan ng isang negosyo ang pagpasok sa gusali nito, maaari ba nitong iatas sa mga kostumer na magpakita ng katibayan ng kamakailang negatibong pagsusuri sa COVID-19? Maaari bang magbukod o tumangging magbigay ng serbisyo ang isang negosyo sa sinumang hindi makakapagpakita ng katibayan ng kamakailang negatibong pagsusuri sa COVID-19?**

Oo, para sa mga kadahilangang ipinaliwanag sa Mga Madalas Itanong 1 at 3. Mangyaring suriin ang Mga Madalas Itanong 8 – 10 para sa mahahalagang impormasyon tungkol sa mga makatuwirang akomodasyon.

- 5 | Maaari bang hilingin ng isang negosyo sa mga partikular na uri ng kostumer lamang na magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 at/o kamakailang negatibong pagsusuri sa COVID-19?**

Hindi, kung isinagawa ito batay sa isang personal na katangiang proketado ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil. Bilang halimbawa, lumalabag sa Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil ang isang negosyong nangangailangan lamang ng mga negatibong resulta sa pagsusuri o katibayan ng pagpapabakuna mula sa mga indibidwal mula sa mga partikular na grupo ng lahi o relihiyon pero hindi sa ibang tao.

MGA PANTAKIP SA MUKHA

- 6 | Bilang kondisyon sa pagpasok sa gusali ng negosyo, maaari ba nitong iatas sa mga kostumer na magsuot ng pantakip sa mukha, tulad ng mask o shield sa mukha, para maging protektado laban sa paglaganap ng COVID-19, at maaari bang ibukod ng negosyo ang mga taong tatanggi?**

Oo, para sa mga kadahilangang ipinaliwanag sa Mga Madalas Itanong 1 at 3. Mangyaring suriin ang Mga Madalas Itanong 8 – 10 para sa mahahalagang impormasyon tungkol sa mga makatuwirang akomodasyon. Ang patnubay tungkol sa mga pantakip sa mukha mula sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California ay makikita sa: www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.aspx.

- 7 | Maaari bang hilingin ng isang negosyo sa mga partikular na uri ng kostumer lamang na magsuot ng pantakip sa mukha?**

Hindi, kung isinagawa ito batay sa isang personal na katangiang proketado ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil. Bilang halimbawa, lumalabag sa Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil ang isang negosyong iniaatas lamang sa mga indibidwal na buntis o may mga pisikal na kapansanan na magsuot ng mask, kahit na naniniwala ang negosyo na ginagawa ito nito para sa isang mapagkawanggawang kadahilanan.

MGA MAKATUWIRANG AKOMODASYON AT PAGBABAGO

- 8 | Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, dapat bang makatuwirang paunlakan ng isang negosyo ang mga kostumer na may mga kapansanan?**

Oo. Iniaatas ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil na makatuwirang paunlakan ng mga negosyo sa California ang mga alam na kapansanan ng mga kostumer, tulad ng mga pisikal na kapansanan. Bilang halimbawa, kapag nagbibigay ng serbisyo sa isang binging kostumer na gumagamit ng pagbabasa ng labi at mga ekspresyon ng mukha para makatulong sa komunikasyon, maaaring magsuot ang isang empleyado ng tindahan ng clear na mask o clear na shield sa mukha kapalit ng mask na tinatakpan ang ibabang bahagi ng mukha. Para sa patnubay sa pag-aasikaso sa mga makatuwirang akomodasyon para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, pangkalahatang sundin ang Mga Madalas Itanong 9.

9 | **Kapag iniaatas ng isang negosyo na magpakita ang mga kostumer ng katibayan ng pagpapabakuna sa COVID-19, magpakita ng katibayan ng kamakailang negatibong pagsusuri sa COVID-19, magsuot ng pantakip sa mukha, o sumunod sa iba pang hakbang sa kaligtasan sa COVID-19, dapat bang makatuwirang paunlakan ng negosyo ang mga indibidwal na may kapansananang pumipigil sa pagsunod nila sa mga hakbang sa kaligtasang ito?**

Maikling Sagot: Oo, maliban kung gumagawa ang akomodasyon o pagbabago ng direktang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng iba, hindi nararapat na pasanin para sa negosyo, o napakalaking pagbabago sa mga gawi ng negosyo.

Paliwanag: Bagaman sa pangkalahatan ay maaaring hindi gumamit ang isang negosyo ng mga pamantayan sa pag-screen na malamang na magbubukod sa mga indibidwal batay sa isang kapansanan, ang mga partikular na hakbang sa kaligtasan sa COVID-19 na tinalakay sa dokumentong ito, sa pagsasaalang-alang sa kasalukuyang patnubay sa pampublikong kalusugan, ay kinakailangan para ligtas na makapagpatakbo ang mga negosyo. Kung inihayag ng kostumer na mayroon siyang kapansananang pumipigil sa kanya na mabakunahan laban sa COVID-19, magsuot ng mask o iba pang pantakip sa mukha, at/o sumunod sa iba pang hakbang sa kaligtasan sa COVID-19, hindi dapat hilingin ng negosyo na magbahagi ang kostumer ng personal na impormasyon tungkol sa kapansanan at hindi dapat ito gumawa ng mga hindi kinakailangang pagtatanong tungkol sa pagkakaroon ng kapansanan. Sa halip, sa yugtong ito, para mapadali ang transaksyon ng negosyo, maaaring tanggapin ng negosyo ang pahayag ng kostumer na mayroon siyang kapansananang pumipigil sa pagsunod niya sa hakbang sa kaligtasan sa COVID-19 para makita kung may umiiral bang makatuwirang alternatibo.

Kung hindi makakasunod ang kostumer sa mga hakbang sa kaligtasan sa COVID-19 ng negosyo dahil sa isang kapansanan, hindi maaaring basta na lamang tanggihan ng negosyo ang kostumer. Dapat makipagtulungan ang negosyo sa kostumer para subukang tumukoy ng isang makatuwirang alternatibong magbibigay-daan sa pagbibigay ng negosyo ng serbisyo sa kostumer habang pinoprotektahan pa rin ang mga empleyado at iba pang kostumer nito. Habang nakikilahok sa “interaktibong proseso” na ito, dapat panatilihin ng kinatawan ng negosyo ang ligtas na distansiya mula sa kostumer; kapag naaangkop, maaaring hilingin ng kinatawan ng negosyo na makipag-usap sa kostumer sa pamamagitan ng telepono, mula sa isang bintana, o sa iba pang paraan na pumoprotekta laban sa posibleng pagkakalantad sa COVID-19.

Tinutukoy ang mga makatuwirang alternatibo depende sa sitwasyon. Kabilang sa mga konsiderasyon ang pagkakaayos ng negosyo, bilang ng empleyadong nasa trabaho, mga inaalok na produkto o serbisyo, mga pangangailangan ng pinag-uusapang kostumer, at kung may iba pang kostumer. Bilang halimbawa:

- Kung iniaatas ng isang supermarket na magsuot ang mga kostumer ng mask habang nasa loob ng tindahan, at hindi makapagsuot ang kostumer ng mask dahil sa isang kapansanan, maaaring makatuwirang alternatibo ang paghihintay ng kostumer sa labas habang namimili ang isang empleyado para sa kostumer.
- Kung iniaatas ng isang maliit na tindahan ng computer na magpakita ang mga parokyano ng katibayan ng pagpapabakuna at magsuot ng mask habang nasa loob ng tindahan, at hindi magagawa ng kostumer ang alinman sa dalawa dahil sa mga kapansanan, maaaring makatuwirang alternatibo ang pagbibigay ng tindahan ng serbisyo sa kostumer sa pamamagitan ng telepono, video, o sa text.
- Kung iniaatas ng isang bar na may panloob at panlabas na serbisyo na magpakita ang mga kostumer ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 para makapasok, at hindi mababakunahan ang kostumer dahil sa isang kapansanan, maaaring makatuwirang alternatibo ang simpleng pagtiyak na mabibigyan ng serbisyo ang kostumer sa labas ng bar.

Paminsan-minsan, pagkatapos tuklasin ng negosyo at ng kostumer ang mga posibleng alternatibo, maaaring hindi available ang makatuwirang akomodasyon. Mangyayari ito kapag gumagawa ang mga posibleng alternatibo ng direktang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng iba (tulad ng isang empleyado o iba pang kostumer), hindi nararapat na pasanin para sa negosyo, o napakalaking pagbabago sa mga gawi ng negosyo. Bilang halimbawa:

- Kung iniaatas ng isang kainan na pinapayagan lamang ang pagkain sa loob na mabakunahan ang lahat ng kostumer laban sa COVID-19 at pinagbabawalan ito ng isang lokal na ordinansa na maglagay ng mga lamesa sa labas, hindi makatuwirang alternatibo ang pagbibigay ng kainan ng serbisyo sa isang hindi

Patnubay para sa Mga Negosyo sa California Tungkol sa Mga Hakbang sa Kaligtasan at Makatuwirang Akomodasyon ukol sa COVID-19

nabakunahang kostumer sa lamesa sa labas. Gayunpaman, maaaring iatas sa negosyo na magbigay ng pagkain para i-pick up o para ipadala sa kostumer na hindi mababakunahan dahil sa isang kapansanan, kung may ganoong mga kakayahan ang negosyo.

- Kung iniaatas ng isang salon o pagupitan na magpabakuna ang lahat ng kostumer laban sa COVID-19 at/o magsuot ng mask sa lahat ng oras kapag nasa loob ng tindahan, makatuwiran ang tindahan sa pagtanggap maggupit, magtirintas, mag-ahit, o magbigay ng iba pang serbisyong nangangailangan ng malapitang pakikisalamuha sa pagitan ng empleyado at ng kostumer na hindi nabakunahan/hindi nagsusuot ng mask, dahil direktang magbabanta ang serbisyong tulad nito sa kalusugan o kaligtasan ng empleyado at maaaring sa iba pang parokyano. Salungat dito, kung hinihiling lamang ng hindi nabakunahang kostumer na bumili ng shampoo o cream para sa pagsasaayos ng buhok, maaaring hilingin ng empleyado na maghintay ang kostumer sa labas habang isinasaayos ang order at inilalabas ang produkto para sa kostumer.
- Kung iniaatas ng isang teatro na mabakunahan ang lahat ng parokyano laban sa COVID-19 at/o magsuot ng mask sa lahat ng oras kapag nasa loob ng gusali, makatuwiran ang pagtanggap ng teatro na magpapasok ng isang parokyanong hindi nabakunahan/hindi nagsusuot ng mask. Maaaring magsaayos ang teatro ng pagpapalabas sa labas; pero maliban kung ginagawa na ito ng teatro, malamang na hindi nararapat na pasanin at/o napakalaking pagbabago ng negosyo ito para iatas na gawin ng teatro para sa parokyanong hindi nabakunahan/hindi nagsusuot ng mask.

10 | Kapag iniaatas ng isang negosyo na magpakita ang lahat ng kostumer ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 o sumunod sa iba pang hakbang sa kaligtasan sa COVID-19, dapat bang makatuwirang paunlakan ng negosyo ang mga indibidwal na may taos-pusong pinanghahawakang panrelihiyong kadahilanan para sa hindi pagsunod sa kinakailangan?

Walang kamalayan ang DFEH tungkol sa anumang nakalathalang desisyon ng korte o iba pang pinagmulan ng batas na malinaw na itinataguyod na iniaatas ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil sa mga negosyo na makatuwirang paunlakan ang mga taos-pusong pinanghahawakang panrelihiyong paniniwala ng mga kostumer. Gayunpaman, para mapadali ang transaksyon ng negosyo, iminumungkahi ng DFEH na pangkalahatang sundin ng mga negosyo ang patnubay sa Mga Madalas Itanong 9 kapag nahaharap sa isang kostumer na pinagpipilitan ang isang panrelihiyong kadahilanan para sa hindi pagpapabakuna laban sa COVID-19 o para sa hindi pagsunod sa anumang iba pang hakbang sa kaligtasan sa COVID-19. Dagdag dito, ang sumusunod na [patnubay](#) mula sa Komisyon sa Pantay na Oportunidad sa Trabaho (Equal Employment Opportunity Commission) ng U.S. na nalalapat sa konteksto ng trabaho ay maaari ding makatulong sa mga negosyong nahaharap sa mga kahilingan sa panrelihiyong akomodasyon mula sa mga kostumer: “Ipinapaliwanag ng patnubay ng EEOC na ang kahulugan ng relihiyon ay malawak at pumoprotekta sa mga paniniwala, gawi, at pagsunod na maaaring hindi alam ng employer. Sa gayon, dapat na karaniwang ipagpalagay ng employer na ang kahilingan ng isang empleyado para sa panrelihiyong akomodasyon ay nakabatay sa taos-pusong pinanghahawakang panrelihiyong paniniwala, gawi, o pagtalima. Gayunpaman, kung humiling ang isang empleyado ng panrelihiyong akomodasyon, at may kamalayan ang employer sa mga katotohanang nagbibigay ng makatuwirang batayan para sa pagtatanong ng kalikasan ng relihiyon o ng katapatan ng isang partikular na paniniwala, gawi, o pagsunod, makatarungan ang paghiling ng employer ng karagdagang sumusuportang impormasyon.”

— PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing

dfeh.ca.gov / Walang Bayad: 800.884.1684 / TTY: 800.700.2320

Matutulungan ka ng DFEH sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na bingi o may kahirapan sa pandinig o may mga kapansanan sa pananalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa itaas.